# Pagsagot at Pagbabalik ng Form ng Pagpaparehistro ng Botante

## Mga Kwalipikasyon sa Pagpaparehistro upang Bumoto:

- Mamamayan ng Estados Unidos at residente ng California
- Hindi bababa sa 18 taong gulang sa, o bago ang, Araw ng Halalan
- Kasalukuyang hindi nakabilanggo sa kulungan ng estado o pederal na pamahalaan para sa hatol ng mabigat na kasalanan, at
- Kasalukuyang hindi napagpasyahan sa korte na kulang ang kakayahan ng pag-iisip para makaboto

## Pagsagot sa Form

Upang maiwasan ang pagkaantala sa pagpoproseso ng iyong form, tiyaking valid at tinatanggap ang iyong form sa pamamagitan ng pagkumpleto sa mga naka-bold na seksyon sa ibaba. Kapag iniwanang blangko ang mga sumusunod na seksyon, maaari itong magdulot ng pagkaantala sa pagpoproseso ng iyong form:

**Seksyon 1 - *Mga Kwalipikasyon:** Tiyaking lalagyan ng tsek ang parehong kahon, kung naaangkop ang mga ito. Hindi maipoproseso ang iyong form kung walang tsek ang kahon para sa pagkamamamayan sa U.S.

**Seksyon 2 - *Legal na Pangalan:** Inirerekomenda naming magparehistro ka upang makaboto gamit ang parehong pangalang nakalagay sa iyong lisensya sa pagmamaneho.

**Seksyon 3 - Pagkakakilanlan:** Kung mayroon kang lisensya sa pagmamaneho sa CA/ numero ng ID card at/o numero ng Seguridad Sosyal, isulat dito ang impormasyong iyon. Kung wala ka ng alinman sa mga ito, maaari mong iwanang blangko ang mga field.

**Seksyon 4 - *Direksiyon Kung Saan Ako Nakatira:** Dapat kang magbigay ng direksiyon ng kalye para sa direksiyon kung saan ka nakatira. Kung wala kang direksiyon ng kalye, maaari kang magbigay ng eksaktong paglalarawan kung saan ka nakatira. Isama ang mga interseksyon ng kalye, ruta, atbp.

Isama ang numero ng apartment, unit, espasyo, o gusali at/o ang titik kung naaangkop ito sa iyong direksiyon.

Hindi maaaring gamitin ang mga P.O. Box o Mga Hulugan ng Koreo bilang direksiyon ng tirahan.

**Seksyon 5 - Direksiyon Kung Saan Ko Matatanggap ang Koreo:** Kung iba ang iyong direksiyong pangkoreo sa direksiyon ng tirahan mo, ibigay ang iyong direksiyong pangkoreo. Maaaring gamiting direksiyong pangkoreo ang anumang direksiyon kabilang ang P.O. Box o Hulugan ng Koreo.

**Seksyon 6 - Kasaysayan ng Pagpapatala:** Sagutan ang seksyong kasaysayan ng pagpapatala, saan ka man dating nakatala.

**Seksyon 7 - Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo:** Sa ilalim ng Voter's Choice Act, awtomatikong padadalhan ang bawat botante ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Gayunpaman, hindi ka inaatasang gamitin ito. May opsyon din ang bawat botanteng pumunta sa Sentro sa Pagboto at personal na bumoto.

*Hindi maipoproseso ang iyong form kung iiwanang blangko ang mga field na ito.

**Seksyon 8 - Kinakatigang Partidong Pampulitika:** Kung hindi mo gustong pumili ng partidong pampulitika, maaari mong lagyan ng tsek ang kahong "Walang Partido/Wala". Kapag iniwanang blangko ang field na ito, awtomatikong magiging default sa iyong kinakatigang partidong pampulitika ang Walang Kinakatigang Partido.

**Seksyon 9 - Opsiyonal na Impormasyon ng Botante:** Opsiyonal ang impormasyon sa seksyong ito.

**Seksyon 10 - *Apidabit:** Lagdaan at lagyan ng petsa ang iyong form. Dapat lagdaan ang iyong form upang maiproseso at maaprubahan ito.

## Pagbabalik ng Form ng Pagpaparehistro

- Pilasin at itago ang ibabang bahagi ng form bilang iyong resibo. Kapag naiproseso at naaprubahan na, makakatanggap ka sa koreo ng kard ng paunawa para sa botante.
- Maaaring ipadala sa koreo ang mga form at dapat maselyuhan ang mga ito ayon sa deadline ng pagpaparehistro
- Maaari mong personal na ibalik ang form sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante, gayunpaman, mas mainam kung ibabalik ito sa pamamagitan ng koreo
- Kung magbabalik ka ng form sa ngalan ng botante, dapat mo itong ibalik sa loob ng 3 araw simula nang natanggap ito

## Mga Deadline ng Papel at Online na Pagpaparehistro

- Ang mga kwalipikadong mamamayan na kailangang magparehistro o magparehistro ulit upang makaboto sa loob ng 14 na araw bago ang halalan ay maaaring sumagot ng Kundisyonal na Pagpaparehistro ng Botante at bumoto sa Tagapagrehistro ng mga Botante o sa alinmang Sentro sa Pagboto.

### Online na Pagpaparehistro ng Botante ng California

Maaari ka ring magparehistro upang makaboto sa registertovote.ca.gov

VOTER'S CHOICE

Santa Clara County Registrar of Voters

your new voting experience

Ipinatupad ang Voters Choice Act (VCA) sa County ng Santa Clara (SCC) noong 2020. Sa ilalim ng VCA, maaaring pumunta ang mga nakarehistrong botante sa SCC sa alinmang lokasyon ng Sentro sa Pagboto, gayundin sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang magsumite ng balota, maghulog ng balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, makatanggap ng pamalit na balota, magparehistro upang makaboto, makahingi ng tulong sa wika o pangangailangan tungkol sa wika, at makatanggap ng alinman sa mga serbisyong karaniwang nakukuha sa Tagapagrehistro ng mga Botante.

### VOTER'S CHOICE, IKAW ANG PIPILI NITO

Pumunta sa sccvote.org/voterschoice o tumawag sa (866) 430-VOTE para sa higit pang impormasyon.

I-scan ang QR® code gamit ang iyong smartphone upang mapanood ang aming video tungkol sa kung Paano Magparehistro upang Makaboto.